Doktrina at mga Tipan 77–80
HULYO 12–18

# Tinawag ng Panginoon


Tulad nina Jared Carter at Stephen Burnett (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 79 at 80), kailangan din ng mga makabagong missionary ng patunay na sila ay tinawag ng Panginoon.

Nabago ang mission call ng libu-libong missionary dahil sa coronavirus. Halimbawa, sina Curtis at Ramona Miller ay na-reassign sa ibang mission dahil sa virus. Nagpatotoo sila na: "Malakas ang aming patotoo na hindi mahalaga kung saan tayo naglilingkod kundi ang kahandaan nating maglingkod. Kapag tinulutan natin ang kamay ng Tagapagligtas na patnubayan ang ating buhay, ginagawa Niya tayong karapat-dapat sa gawaing ito."

## JARED CARTER (1801–49)



- Bininyagan ni Hyrum Smith noong 1831 sa Colesville, New York.
- Nangaral sa Ohio, Pennsylvania, New York, at Vermont noong 1831 at 1832.



- Nagpunta sa Hiram, Ohio, upang itanong kay Joseph Smith kung ano ang kalooban ng Panginoon para sa kanya.
- Tumanggap si Joseph Smith ng paghahayag na nag-uutos sa kanya na muling mangaral sa silangang Estados Unidos (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 79).



## STEPHEN BURNETT (1813–85)



- Bininyagan ni John Murdock noong 1830 sa Warrensville, Ohio.



- Inorden na high priest sa edad na 17.
- Itinalagang mangaral kasama si Eden Smith (tingnan sa Doktrina at mga Tipan 80:2), ngunit nagkasakit si Eden.



- Sinimulan ang kanyang misyon kasama ang ama ni Eden na si John Smith.




## CURTIS AT RAMONA MILLER

- Habang nakatingin sa mga opsiyon sa senior missionary website ng Simbahan, ang mga Miller ay pumili ng walong posibleng lokasyon—karamihan sa mga ito ay nasa Polynesia at Europa.
- Tinawag silang maglingkod sa DemocraticRepublic of the Congo.






- Kailangan nilang matuto ng wikang French.
- Pagkaraan ng tatlo't kalahating buwan sa Africa, ang mga Miller ay na-reassign na maglingkod sa Georgia, USA, dahil sa COVID-19.




MGA PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH